Government of **Western Australia**
Department of **Health**

# MGA TALA TUNGKOL SA SCREENING MAMMOGRAPHY

BreastScreen WA
WA's only accredited screening service

## Malugod na pagbati mula sa klinika ng BreastScreen WA …

Mangyari lamang na basahin ang mahalagang impormasyong ito tungkol sa mammography screening at punuan ang kalakip na porma ng pahintulot BAGO magpa-mammogram. Kung ikaw ay may anumang mga katanungan maaaring makatulong ang mga tauhan sa screening unit. Mangyari lamang na tandaan na maaari mong ipatigil ang pagpapa-mammogram sa anumang oras.

### Tungkol sa programa ng breast screening

Ang layunin ng programa ng breast screening ay upang mabawasan ang mga pagkamatay mula sa kanser sa suso. Ang mammogram (breast X-ray) ang pinakamahusay na paraan na mayroon tayo sa kasalukuyan upang matuklasan ang mga kanser sa suso habang ang mga ito ay napakaliit upang madama. Kung mas maagang matutuklasan ang kanser sa suso mas malaki ang pagkakataon para sa matagumpay na paggamot.

Ang pokus ng Programang nauukol sa BreastScreen sa WA ay ang maagang pagtuklas ng kanser sa suso. Ang mga pagbabagong nakita sa iyong mammogram na hindi itinuturing na palatandaan ng kanser sa suso ay hindi iniuulat.

Ipinakikita ng kasalukuyang medikal na ebidensiya na ang screening ang pinakamahalaga para sa mga kababaihang nasa edad na 50-74. Ang iyong pagkakataon na magkaroon ng kanser sa suso ay lumalaki habang nadadagdagan ang edad. Halos 70% ng mga kanser sa suso ay nangyayari sa mga kababaihang nasa edad na 50 o mas matanda. Ang palagiang mga screening mammogram ay maaaring makabawas sa mga pagkamatay ng mga kababaihang ito nang halos 30%. Ang mga benepisyo ng mammography screening ay mas mababa para sa mga kababaihang nasa edad na mababa sa 50.

### Paano kinukuha ang mammogram?

**Hihilingan kang maghubad hanggang baywang at bibigyan ng gown upang maisuot. Ang isang babaing radiographer na may espesyal na pagsasanay ang kukuha ng iyong mammogram.**

Habang kinukuha ang mammogram ang suso ay pinipikpik (compressed) nang ilang segundo upang makakuha ng malinaw na litrato. Ito ay maaaring maging hindi komportable.

Kadalasan kumukuha ng dalawang litrato para sa bawat suso, ngunit kung minsan mas marami ang maaaring kailanganin.

### Sino ang bumabasa ng mammogram?

**Ang resulta ng iyong mammogram ay ibabatay sa kasunduan sa pagitan ng kahit dalawa man lamang na espesyalistang doktor (mga radiologist) na may napakaraming karanasan sa pagbasa ng mga mammogram. Ang lahat ng mga mammogram ay magkahiwalay na binabasa. Paminsan-minsan, kung hindi magkasundo ang unang dalawang mga radiologist, may pangatlong radiologist na babasa ng iyong mammogram.**

### Paano kung kailangan kong umulit ng X-ray?

Paminsan-minsan, hihilingin ng radiologist ang pag-ulit ng x-ray kung ang nagawang litrato ay hindi gaanong malinaw. Kung ito ay kinakailangan ikaw ay tatanggap ng tawag o sulat na humihiling ng ikaw ay bumalik. Ang mga pag-ulit ng x-ray at gagawin sa klinika ng screening.

### Pagbibigay-alam ng mga resulta

**Karamihan sa mga kababaihan ay aabisuhan na lahat ay mabuti sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 14 na araw. Hindi bihira para sa mga kababaihan na pabalikin para sa karagdagang mga pagsusuri. Kung ito ay kinakailangan, tatawag ang breast assessment nurse mula sa**

**BreastScreen WA upang talakayin ito sa iyo. Karamihan, ang mga pagsusuring ito ay hindi magpapakita ng anumang problemang mangangailangan ng karagdagang imbestigasyon.**

Ang mga kababaihang nagpa-screen sa metropolitang lugar ay aalukin ng isang appointment sa sentro ng programa ng pagtatasa kung saan ang karagdagang mga pagkuha ng mammogram o, kung kinakailangan, ang ibang mga pagsusuri ay isasagawa.

Para sa mga kababaihang nagpa-screen sa mobile unit sa kanayunan, ang karagdagang mga pagkuha ng mammogram ay isasagawa, para sa kanilang kaginhawahan, sa mobile van.

**Mangyari lamang na Tandaan**: Itinatabi ng BreastScreen WA ang mga mammogram upang maikumpara sa mga kuha o film sa hinaharap.

**Gaano maaasahan ang mammogram?**

**Ang mga mammogram ay maaaring magpakita nang hanggang 90% ng mga kanser sa suso. May ilang mga kanser na hindi maaaring makita sa mammogram. Ang mga kabataang babae o mga babaing nakapailalim sa Hormone Replacement Therapy ay maaaring magkaroon ng mas makapal na tisyu sa suso kaysa sa mas nakatatandang mga babae at ginagagawa nitong mas mahirap na matukoy ang kanser sa mammogram. Ito ay maaaring magresulta sa mas nakababatang kababaihan na mangailangan ng karagdagang mga imbestigasyon, kabilang ang biopsy, sa dahilan ng kahirapan sa paghihiwalay ng kanser batay sa mammogram.**

Katulad din nito na ang mammogram ay maaaring makitang nakababahala sa una ngunit ipinapakita sa karagdagang imbestigasyon na walang malubhang problema.

Hindi maaaring mahadlangan ng pagpapa-mammogram ang kanser sa suso ngunit ang maagang pagtuklas ay nagtitiyak ng pinakamahusay na pagkakataon para sa matagumpay na paggamot.

**Maaari bang gumawa ng anumang pinsala ang mammogram?**

**Kung minsan ang paggamit ng pagpikpik (compression) sa pagkuha ng mammogram ay maaaring maging sanhi ng ilang pansamantalang pananakit o pagkakaroon ng pasa. Ito ay hindi nagiging sanhi ng anumang matagalang pinsala sa tisyu ng suso.**

Ang bawat mammogram ay gumagamit ng napakababang dosis ng radyasyon. Ipinakikita ng kasalukuyang katibayan na napakaliit ng panganib na may kaugnayan sa pagkakalantad sa radyasyong ito. Nalalamangan ng mga benepisyo ng screening mammography ang panganib na ito.

Hindi inirerekomenda na magpa-mammogram ang mga babaing naghihinala na sila ay buntis. Kung sakaling ikaw ay maaaring buntis, mangyari lamang na ipagbigay-alam sa receptionist o radiographer.

**Paano kung ako ay may bukol sa suso o problema sa suso sa ngayon?**

Kung napansin mo na may bukol sa iyong suso, may lumalabas na likido mula sa utong o ibang mga pagbabago sa iyong mga suso, mangyari lamang na sabihin sa radiographer bago niya kunin ng iyong mammogram. Mahalaga din na magpatingin sa iyong doktor tungkol sa mga sintomas na ito kahit na normal ang iyong mammogram.

**Bakit dapat kong ibigay ang mga detalye ng aking palagiang doktor?**

Upang ikaw ay mabigyan ng pinakamahusay na pangangalaga, kailangan ng iyong palagiang doktor ng impormasyon tungkol sa lahat ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Nais naming magpadala sa kaniya ng resulta ng iyong mammogram. Sa pagitan ng bawat mga mammogram, mahalaga na ikaw ay magsagawa ng regular na pagsusuri sa iyong mga suso at na ikaw ay mag-uulat kaagad ng anumang mga pagbabago sa iyong doktor. Iminumungkahi namin na palagiang ipasuri ang iyong mga suso sa iyong doktor.